**Deus ex Machina: Dahil tayo ay Bulag pa** ni Rajee S. Florido

Natatawa pa rin kami ng aking nakababatang kapatid tuwing naaalala namin ang kagustuhan niyang maging superhero noong bata kami. Dala ng panonood ng mga teleserye tungkol sa mga Mulawin, sangre, mambabarang at kay Darna, noong minsang umulan ay sinabihan ko siya na ang unang mapapatakan ng ulan ay magkakaroon ng pambihirang lakas. Sabik maging si Amihan, inilabas niya ang kanyang kamay sa parilya ng aming bahay at doon nagpatulo sa ulan. *"Wala naman, e.", "Meron yan, hintayin mo lang.", "Walaaaaaaa."* at noong paiyak na siya, ang tanging palusot ko na lamang ay sapagkat malaki ang mundo at hindi siya ang unang napatakan kaya walang epekto. Paulit-ulit niyang ginagawa iyon tuwing umuulan; at ako naman ay tumatawa ng patago dahil alam kong hindi naman totoo ang aking sinabi.

Simula noon, kinahiligan ko na ang mag-imbento at magsulat ng sari-saring kwento. Bukod kasi sa nalilibang ko na ang mga nakababata kong kapatid ay nagkakaroon pa ako ng kapangyarihan sa kanilang nararamdaman. Madalas na bida ang mga piksyunal na mga karakter ni Mars Ravelo sa sariling kong bersyon na kwento. Kung hindi naman kaya ay mga alamat na naibahagi sa akin ng aking guro o alamat na gawa-gawa ko rin lamang. Ipinagbabahagi ko rin ang aking mga kapatid ng kanilang mga tanong sa susunod na mangyayari at kung minsan pa nga ay hinihingan sila ng suhestyon kung paano magtatapos ang kwento; ngunit madalas, bilang nakakawiling makita silang nalulungkot o nag-aamok sa aking kinukwento, ay binibigo ko sila sa inaasahan nilang katapusan. Naging bonding na nga namin ang ganitong eksena. At nang dahil sa mga kwentuhang ito, naging malapit kami sa isa't isa. Sabay-sabay naming sinasakyan ang bawat takot, tuwa o inis sa takbo ng aking mga kinukwento. Noon ko naramdaman kung paano magkaisa ang mga damdamin ng magkakaibang tao. Ngunit dahil din sa pagiging *fan* ng mga

lokal na mga superhero at sa mga hindi lehitimong alamat na gawa-gawa ko lamang, saglit kong sinakyan mag-isa ang kapanglawan bilang isang bata.

Dahil itinatwa ko ang panunuod ng mga cartoons na Ingles noon sa kadahilanang hindi ko naman masyadong naiintindihan ang mga sinasabi ng mga karakter, tila naging isa akong pedicab na nakikipagsabayan sa aking mga *sports car* na mga kaklase sa tuwing pag-uusapan nila sila Spiderman, Spongebob, Dexter at Deedee at iba pang banyagang karakter. Nang dahil dito ay hindi nila ako sinasali sa usapan o madalas, ako na mismo ang kusang umaalis sa grupo. Ano pa nga ba't mananatili akong kasama sila kung ang naglalaro sa aking isipan ay ang pagkuha ni Elias sa mga anting-anting sa palabas na *Asian Treasures* o kaya naman ay ang nagtatagalog na si Goku o Doraemon, o hindi naman kaya ay ang alamat ng medyas na inimbento ko, at gawa sa kung anumang bakal ang damit ni Superman ang kanilang pinag-uututang dila? Tuwing sinusubukan ko naman ang kapangyarihan ng mga anting-anting ni Elias na maisali ako sa usapan ay paulit-ulit na "baduy" o pambasag na "Si Spongebob na lang pag usapan natin" ang makukuha kong sagot. Sumasama ang loob ko sa tuwing nababale-wala ang pagpipilit ko; ngunit mayroon pang mas nakakapagpasama sa pakiramdam ko bukod sa rason na ito. *Mayroon pa, Hindi ko pa nga lang alam.*

Dahil rin sa hindi ko pagtutuon ng pansin sa Ingles noong ako ay nasa elementarya, mas nabigyan ko ng pansin ang pagpapayabong ng aking bokabularyong Filipino. Dahil dito, naging suki ako ng mga patimpalak sa pananalumpati, pagsulat ng mga tula at mga lathalain. Ito ay nagbunga hindi lamang ng mga sertipiko at mga medalya, kundi ito rin ang nag bigay daan upang mapabantog ako sa mga katulad ko ring naka-uniporme at sumisipi sa mga nakasulat sa Manila paper.

Hanggang sa pagtungtong ko ng hayskul ay dala-dala ko ang titulong ito. Katulad noong elementarya, sumasali pa rin ako sa mga patimpalak sa aming paaralan; at katulad pa rin noong elementarya, madalas pa din sumama ang aking loob. Iyon nga lang, hindi na dahil kila Spongebob kundi sa mga kaklase ko na *English-carabao* din naman ngunit ginagawang katatawanan ang pagpapaliwanag ko ng Filipino tuwing ako ay sasagot sa klase. Ano ba'ng pakialam nila sa paggamit ko ng Filipino kung dito ko maipapaliwanag ng husto ang aking nais sabihin? Tuwing may ipapagawa rin - mga kwento, tula o sanaysay - ang aming mga guro, sila'y pinapakiusapan ko kung maaari ko bang gawin iyon gamit ang Filipino. Maliban sa guro ko sa Ingles, lahat naman ay pumapayag sa aking pakiusap. Iyon nga lang, may bawas markang kapalit. Noong una ay wala akong pakialam, ngunit hindi rin tumagal ay tumalima din ako dahil sa kagustuhang makakuha ng mataas na marka. Ngunit ang mas nagtulak sa akin upang sumulat ng Ingles ay ang pangmamata ng aking mga kaklase sapagkat wala naman daw akong kakayahan kundi ang managalog. Simula noon ay kinainisan ko na ang salitang makata**.**

Noon ko rin sinimulang yakapin ang mga banyagang sining. Sa katunayan, bukod sa Noli Me Tangere at El Filibusterismo, mas malinaw pa nga sa aking isipan ang mga diskusyon patungkol sa mga kalaswaan ni King Henry VIII at ang mga tula ni Shakespeare at ni Sir Walter Raleigh kaysa sa kung ano nga ba ang hiwaga ni Maria Makiling. Ito rin ang nagtulak sa'kin na ilagay ang kursong *European/Asian Studies* - o kung ano mang may kaugnayan sa mga banyaga - sa mga *application forms* ng mga unibersidad na nais kong pasukan. Natutuwa din ako sa tuwing binibiro ako ng mga nagtatanong sa akin na huwag ko silang kalimutan pagtanda ko dahil daw tiyak ay yayaman ako. Ngunit tila nakarma ako sa pinaggagagawa ko sa aking mga kapatid. Naging ako ang aking mga kapatid sa isang iglap at ang tadhana bilang ako sa kwento ng buhay ko. Binigo ako ng tadhana sa inaasahan kong katapusan. Pinag-aaralan ko ngayon ang kursong

hindi ko naman plinano. Noong mga panahong 'yon ay sumama muli ang aking loob. Yaon nga lang, hindi na sa kung ano pa man kundi dahil na sa aking sarili. Bakit ko nga ba pinagpalit ang pangarap kong pag-aralan sa pangarap ko lamang na unibersidad? *May plano sa'kin ang tadhana? Sus, hindi ako si Oedipus.* Pero kung sakali man, *'Yon ang dapat kong alamin.*

Ngunit dahil nga sa pagkahumaling ko sa literaturang banyaga ay kumuha ako ng asignatura sa Hangeul (wika ng mga Koreano). Akala ko'y dito ko na mababawi ang naudlot kong pangarap, ngunit ito ang naging dahilan kung paano ko naamoy ang tila namumuong lansa ng isda sa aking pagkatao. Isang beses ay tinanong kami ng aming guro kung bakit kami nag-aaral ng kanilang wika. May sari-sarili kaming rason ngunit isa lamang ang hiling ng aming guro: Na kahit gaano man karami ang aming matutunan, huwag naming kalilimutan ang aming pagkakakilanlan. Marahil daw ay halos lahat kami ay pupunta ng Korea upang magbakasakali sa mga oportunidad para yumaman. Ngunit tandaan daw namin na ang Korea ay umunlad dahil kinilala ng mga Koreano ang kanilang sarili at kanila itong pinangalagaan at ipinagyaman.

Sa tuwing naaalala ko ang pangaral na iyon ay tinatanong ko ang aking sarili: Ano nga ba ang alam ko sa pagka-Pilipino? Ano na nga ba ang nagawa ko upang tulungan ang mga kapwa ko Pilipino para suotin ang kani-kanilang salakot?

May plano sa akin ang tadhana. Iyon ay upang ipaalam na hindi ko na kailangang mabulag pa upang panagutan ang kakulangan ko sa pagkilala ng aking pagkatao.

Isang pangyayari ngayong kolehiyo ang tuluyang nagpaaninaw sa akin ng lahat. Iyon ay noong dumayo ang aming organisasyon sa isla ng Quezon upang magbahagi ng kaalaman sa pagtula at pagsulat ng maikling kwento. Dito ko nasaksihan kung paano nagawang pagkaisahin ng literatura ang mga kabataang kasali sa *workshop* na iyon, at mismong kami na nagbabahagi ng kaalaman. Ang mga ngiti at sabay-sabay na paghalakhak ay sapat nang patunay kung paano

nagagawa ng literatura na pagkaisahin ang mga tao. Bagaman may mabibilis makakuha ng sinabi, dahil nagkakaisa, ay inaalalayan ang nahuhuli at sabay-sabay pa ring tutungtong sa susunod na baitang. Sa tuwing inaalala ko iyon ay nanunumbalik ang naramdaman ko noong nagkukwento ako sa aking mga kapatid noong bata ako. At ngayo'y aking napagtanto na hindi ako ang may kapangyarihan, kundi ang aking mga kinukwento. Ito rin ang naging dahilan ng pagdedesisyon kong ibalik ang *ako* noong elementarya at umpisa ng hayskul; kung saan ang pagtapak ng aking pinahahalagahan upang makibagay ay isang bagay na ikasasama ng loob ko.

At kung paanong pinagkaisa ng mga kwento kaming magkakapatid, at ng pagtula at pagsulat ng maikling kwento ang mga kabataan sa islang iyon, ay maaaring gayun din ang sambayanang Pilipino. At kung nagkakaisa ang mga Pilipino ay madali ang pag-unlad dahil inaalalayan ang bawat isa tulad ng mga kabataang iyon sa isla ng Quezon. Yaon nga lang, dapat munang malaman ng bawat Pilipino ang piring na gawa ng Kanluran. Na ang ibig-sabihin ng pag-unlad ay patungkol lamang sa pinansyal. Sa katunayan, iyon ay bonus lamang. Ang tunay na pag-unlad ay ang paglagpas sa kung ano ang kakayahan mo. Ngunit paano natin malalaman kung nalampasan na natin ang ating kakayahan kung hindi pa natin kilala ang ating sarili? Katulad ng mga Koreanong kinilala ang sarili at pinapaunlad ang kanilang sarili sa pagpapakilala ng kanilang pagkakakilanlan sa buong mundo, magagawa rin natin iyon kung tayo ay nagkakaisa.

Ilan nga kaya sa'ting mga Pilipino ang nakakakilala kay Carlos Bulosan na marahil ay hinangaan din ni Shakespeare kung sabay silang nabuhay? Ikaw, kilala mo? Kung hindi ay isa ka sa sinabi ng aking propesor. Minahal mo na si Lincoln bago mo pa makilala si Lam-ang. Baka kaya hindi ka umuunlad dahil nakikibagay ka lamang? Ngunit hindi pa huli ang lahat. Kilalanin mo siya bilang simula ng pagkilala ng iyong sarili. Malay mo, ito ang balak ng tadhana sayo at sa'ting mga Pilipino. Tara na't kilalanin ang ating sarili. Magkaisa. At sabay-sabay umunlad!